
## Para sa mga dayuhang nais magpabakuna sa COVID-19


# Matatanggap mo na ang iyong Kupon sa Pagbabakuna sa COVID-19!


**PUNTO！**

- **Ang iyong lokal na munisipalidad ay nasa proseso ng pagpapadala ng "Kupon sa Pagbabakuna sa COVID-19" at ng "Notipikasyon sa Pagbabakuna sa COVID-19" (ang Notipikasyon sa Pagbabakuna sa COVID-19 ay kamukha ng nakalakip na materyales).**
- **<u>Hindi mo matatanggap ang Kupon sa Pagbabakuna kung nakatira ka sa address na iba sa address na nakasulat sa iyong residence card. Sa ganitong kaso, mangyaring agad na pumunta sa tanggapan ng munisipyo at kumpletuhin ang proseso ng pagpalit ng iyong address.</u>**

① Mangyaring siguraduhing buksan ang sobre kung saan may nakasulat na "コロナ(COVID-19)" o "ワクチン(Bakuna)" mula sa iyong lokal na munisipalidad at kumpirmahin ang mga nilalamang dokumento.



② Ang Kupon sa Pagbabakuna sa COVID-19 ay sunud-sunod na ipinapadala. Makakakuha ka ng ideya kung kailan darating ang iyong kupon sa pamamagitan ng pagsuri ng mga anunsyo mula sa munisipalidad (sa website atbp. ng munisipalidad).

③ Kung nakatira ka sa address na iba sa address na nakasulat sa iyong residence card, mangyaring agad na pumunta sa tanggapan ng munisipyo at kumpletuhin ang proseso ng pagpalit ng iyong address.

④ Pagkatanggap mo ng Kupon sa Pagbabakuna sa COVID-19, mangyaring magpareserba at magpabakuna alinsunod sa nilalaman ng "Notipikasyon sa Pagbabakuna sa COVID-19".

Kung mayroon kang anumang katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa alinman sa (1) hanggang (4) sa susunod na pahina para sa karagdagang paglilinaw.

外国人在留支援センター
FRESC
**Ahensiya ng mga Serbisyo ng Imigrasyon**
**Sentro ng suporta ng mga dayuhang residente**

**Mga katanungan**

**Mangyaring makipag-ugnayan sa alinman sa (1) hanggang (4) sa ibaba para sa anumang katanungan pagkatapos mong matanggap ang Kupon sa Pagbabakuna sa COVID-19.**

### ( 1 ) Lokal na munisipalidad

Tawagan ang numero na nakasulat sa sobre.

### ( 2 ) Call Center ng Pagbabakuna sa COVID-19 (MHLW)

Telepono: 0120-761-770 (toll-free)
Oras ng pagtanggap: 9:00 am hanggang 9:00 pm (matatawagan din tuwing Sabado, Linggo, at holiday)
Wika: Japanese, English, Chinese, Korean, Portuguese, at
Spanish: 9:00 am hanggang 9:00 pm
Thai: 9:00 am hanggang 6:00 pm
Vietnamese: 10:00 am hanggang 7:00 pm

(Reperensiya) Serbisyo ng pagkonsulta gamit ang telepono na hatid ng Ministry of Health, Labour and Welfare para sa mga isyung kaugnay ng COVID-19 maliban sa pagbabakuna

- **Hotline ng MHLW para sa COVID-19**
  Telepono: 0120-565-653 (toll-free)
  Oras ng pagtanggap: 9:00 am hanggang 9:00 pm (matatawagan din tuwing Sabado, Linggo, at holiday)
  Wika: Japanese, English, Chinese, Korean, Portuguese, at
  Spanish: 9:00 am hanggang 9:00 pm
  Thai: 9:00 am hanggang 6:00 pm
  Vietnamese: 10:00 am hanggang 7:00 pm

### ( 3 ) HELPDESK ng FRESC (Sentro ng suporta ng mga dayuhang residente)

Telepono: 0120-76-2029 (toll-free)
Oras ng pagtanggap: 9:00 am hanggang 5:00 pm (Lunes hanggang Biyernes lamang)
Wika: Japanese, English, Chinese, Korean, Portuguese, Spanish, Thai, Vietnamese, Filipino, Khmer, Nepalese, Indonesian, Burmese, Mongolian, French, Sinhalese, Urdu, and Bangla

### ( 4 ) Rehiyonal na Consultation Desk (Portal Site: Suporta para sa Pamumuhay ng mga Dayuhan)

- Japanese https://www.moj.go.jp/isa/content/930004512.pdf
- English https://www.moj.go.jp/isa/content/930005173.pdf

* Mangyaring tandaan na depende sa consultation desk ang magagamit na wika.

Mangyaring sumangguni rin sa “Coronavirus Vaccine Navigation”.

**“Coronavirus Vaccine Navigation” website: https://v-sys.mhlw.go.jp**

- Kung hindi ka makahanap ng institusyong medical o lugar ng pagbabakuna, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na munisipalidad.
- Mangyaring tandaan na hindi ka maaaring magpareserba gamit ang Coronavirus Vaccine Navigation website.

Mangyaring gamitin ang materyales na inihanda ng Ministry of Health, Labour and Welfare bilang gabay lamang.
Maaaring hindi kapareho ng materyales na ito ang Notipikasyon na matatanggap mo mula sa iyong lokal na munisipalidad.

Pangalan ng munisipalidad

# Paunawa ukol sa bakuna sa coronavirus

Pagbabakuna
**Walang Bayad**
(Ganap na pinondohan ng gobyerno)




## Proseso ng Pagbabakuna

### 1 Kumpirmahin kung kailan ka maaaring mabakunahan

Ang bakuna sa coronavirus ay ibibigay nang sunod-sunod sa mga **health workers, matatanda, at mga may kronikong kundisyong medikal**. Mangyaring kumpirmahin ang pagkasunod-sunod ng iyong pagbabakuna at hintayin hanggang dumating ang iyong pagkakataon na mabakunahan.

*Mangyaring hintayin ang anunsyo mula sa pamahalaan. Maaari ding tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare o consultation counter sa iyong munisipalidad.

*Mangyaring basahin ang likod na bahagi ng paunawang ito para sa mga matatanda at mga taong may kronikong kundisyong medical na saklaw nito.

*Bagama't maaaring maikli lamang ang panahon ng paghihintay, titiyakin namin na ang lahat na nagnanais makatanggap ng bakuna ay makakatanggap nito sa takdang oras, kaya't hinihingi po namin ang inyong pasensya.

### 2 Maghanap ng institusyong medikal o lugar ng pagbabakuna



Maghanap ng institusyong medikal o lugar ng pagbabakuna kung saan maaari kang tumanggap ng bakuna sa pamamagitan ng PR mula sa iyong lungsod o bayan, o sa internet.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa website ng pangkalahatang impormasyon sa Coronavirus Vaccine Navigation sa kanan.

Address ng website ng Coronavirus Vaccine Navigation: https://v-sys.mhlw.go.jp

Seondary code ng Coronavirus Vaccine Navigation

*Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na munisipalidad kung hindi ka makahanap ng institusyong medikal o lugar ng pagbabakuna.

*Ang bakuna ay dapat ibigay sa lungsod, bayan, o nayon kung saan nakarehistro ang iyong tirahan (lugar ng paninirahan), maliban kung ikaw ay na-ospital o na-admit sa pasilidad.

Mangyaring tingnan ang likod na bahagi para sa impormasyon ukol sa mga bakuna sa labas ng iyong nakarehistrong tirahan.

*Hindi posible na direktang magpareserba sa pamamagitan ng website ng Corona Vaccine Navigation.

### 3 Magpareserba at kumuha ng bakuna



Mangyaring makipag-ugnayan sa institusyong medikal o munisipalidad kung saan mo nais makatanggap ng bakuna.

| | |
|---|---|
| Mga itinalagang institusyong medikal sa iyong lugar | Direktang kumuha ng appointment sa isang institusyong medikal (sa pamamagitan ng telepono, Internet, atbp.) |
| Mga lugar ng pagbabakuna sa munisipalidad | Call center: |

| | |
|---|---|
| Mga bagay na dadalhin | ・Kupon (nakapaloob sa paunawang ito)<br>・Mga dokumento ng pagkakakilanlan (lisensya sa pagmamaneho, health insurance card, atbp.) |



*Mangyaring kunin ang temperatura ng iyong katawan sa bahay bago ang pagbabakuna, at huwag kumuha ng bakuna at makipag-ugnayan sa opisina ng munisipyo o institusyong medikal kung saan ka nagpagawa ng appointment kung ikaw ay halatang may lagnat o hindi maganda ang pakiramdam.

*Mangyaring magsuot ng damit na madaling ma-access ang iyong mga balikat.

*Upang makuha ang buong epekto ng bakuna, kinakailangang makatanggap ng dalawang dosis ng parehong uri ng bakuna sa isang itinakdang agwat. Kapag nakuha mo ang unang dosis, mangyaring kumpirmahin kung kailan mo matatanggap ang sunod na pagbabakuna.

*Ang mga nakapaloob na kupon ay para sa dalawang inoculation certificates o vaccination certificates. Dalhin ang form na ito sa bawat oras, at mangyaring huwag putulin ang mga ito.

Mangyaring gamitin ang materyales na inihanda ng Ministry of Health, Labour and Welfare bilang gabay lamang.
Maaaring hindi kapareho ng materyales na ito ang Notipikasyon na matatanggap mo mula sa iyong lokal na munisipalidad.

## ◎ Simula ng pagbabakuna para sa mga matatanda

Bagama't ang pagbabakuna ay naka-iskedyul na magsimula para sa mga magiging 65 taong gulang sa FY 2021 (mga taong ipinanganak noong o bago mag Abril 1, 1957), ang panahong ito ay maaaring hatiin pa.

## ◎ Ano ang taong may kronikong kundisyong medikal?

Ang pagbabakuna para sa mga taong may kronikong kundisyong medikal ay magsisimula pagkatapos ng mga matatanda. Ang may kronikong kundisyong medikal ay tinukoy bilang mga taong tumutugon sa alinman sa mga sumusunod na pamantayan (batay sa kasalukyang impormasyon noong Marso 18, 2021).

1. Mga taong may mga sumusunod na sakit o kundisyon na tumatanggap ng outpatient o inpatient na pangangalaga
   1. Kronikong sakit sa baga
   2. Kronikong sakit sa puso (kabilang ang hypertension)
   3. Kronikong sakit sa bato
   4. Kronikong sakit sa atay (liver cirrhosis, atbp.)
   5. Diabetes na ginagamot gamit ang insulin o gamot, o diabetes na nauugnay sa ibang mga sakit
   6. Sakit sa dugo (maliban sa iron deficiency anemia)
   7. Mga sakit na pumipinsala sa paggana ng immune system (kabilang ang mga malignant tumors na ginagamot)
   8. Tumatanggap ng paggamot na nagpapahina ng immune system, kabilang ang mga steroids
   9. Neurological at neuromuscular na mga sakit na nauugnay sa abnormalidad ng immune system
   10. Bawas na paggana ng katawan dulot ng neurological o neuromuscular na mga sakit (kabilang ang mga diperensiya sa paghinga)
   11. Abnormalidad sa chromosome
   12. Malubhang mental at pisikal na kapansanan (malubhang pisikal na kapansanan at malubhang intelektwal na kapansanan)
   13. Sleep apnea syndrome
   14. Malubhang sakit sa pag-iisip (na-ospital para sa pagpapagamot ng sakit sa pag-iisip, pagkakaroon ng sertipiko sa kapansanan sa pag-iisip o nahuhulog sa ilalim ng "malubha at tuloy-tuloy" na kategorya sa pagsuporta sa self-supporting medical care (psychiatric hospital care)) o kapansanan sa intelektwal (pagkakaroon ng sertipiko sa rehabilitasyon)
2. Mga napakataba na mga indibidwal na nakatugon sa pamantayan (BMI na 30 o higit pa)

   BMI= Timbang ng katawan (kg) ÷ tangkad (m) ÷ tangkad (m)
   *Guideline para sa BMI na 30: taas na 170 cm at timbang na 87 kg, taas na 160 cm at timbang na 77 kg

Sabay na uumpisahan ang pagbabakuna ng mga manggagawa sa pasilidad na nangangalaga sa mga matatanda sa parehong panahon.

## ◎ Ang pagbabakuna maliban sa lugar kung saan nakarehistro ang resident card (lugar ng paninirahan)

・Kung ikaw ay tatanggap ng bakuna sa institusyong medikal o pasilidad kung saan ka na-ospital o na-admit → Mangyaring kumonsulta sa institusyong medikal o pasilidad.

・Kung ikaw ay tatanggap ng bakuna sa institusyong medikal kung saan ka ginagamot para sa kronikong kundisyon → Mangyaring kumonsulta sa institusyong medikal.

・Kung ang iyong tirahan ay naiiba sa iyong adres → Maaari kang tumanggap ng bakuna sa lugar kung saan ka aktuwal na naninirahan.
Mangyaring tingnan ang Coronavirus Vaccine Navigation o makipag-ugnayan sa consultation office ng munisipalidad kung saan ka aktuwal na naninirahan.

## ◎ Kinakailangan ang iyong pahintulot upang makatanggap ng bakuna

Kung sa kasalukuyan ikaw ay sumasailalim sa paggamot para sa sakit o may mga pag-aalala sa kundisyon ng iyong kalusugan, mangyaring kumonsulta sa doctor ng pamilya bago magpasya kung tatanggap o hindi ng bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagiging epektibo at ligtas ng bakuna sa coronavirus, mangyaring bisitahin ang pahina ng Novel Coronavirus Vaccines sa website ng Punong Ministro ng Japan at Kanyang Gabinete.

Punong Ministro ng Japan at Kanyang Gabinete Novel Coronavirus Vaccines | Hanapin

Kung hindi mo makita ang website, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na munisipalidad.

Contact information para sa mga katanungan